

1

Sino ang makakapagsabi na pagkatapos kumain ng instant noodles ay makakasakay sa isang cruise liner ang isang ordinaryong tao?

Dalawang buwan na ang nakakaraan nang pagkuskos ni Mayet ng piso sa pa-raffle ng noodles, nabasa niya ang *Ganges River Cruise*. Bongga kaya napatalon siya sa tuwa. Tinawagan nilang mag-ina ang noodles company kung puwedeng ma-convert sa cash ang premyo para magamit nila sa pagpagamot ng bunso nilang si Jeline, kaso hindi raw maaari kaya wala siyang pagpipilian kundi ang sumama sa cruise at mag-enjoy. Aba... sa dalawampu't tatlong taon niyang paghinga, kahit Boracay ay hindi niya pa nabisita. Tagaytay lang ang pinakamalayo niyang nagalugad mula sa puwesto nila sa tiangge sa Baclaran.

Bitbit ang maliit na travelling bag na hiniram niya sa pinsang si Joy, hinatid siya sa airport ng kanyang Tatay Lando na jeepney driver; Dapitan-Baclaran ang ruta nito. May dala siyang digital camera na hiniram din sa manliligaw sa pangakong sasagutin ito kapag makabalik. Pero wala siyang planong maging nobyo

ito; hindi niya talaga type.

Walong Pilipino ang kasama niya sa tour. Pagkakita niya sa baklang nakasuot ng sapatos na may sobrang taas na takong at mukhang retokada ang ilong, alam niyang magkakasundo sila nito. Tama nga. Hindi pa nga sila nakasakay ng eroplano ay pulos lalaki na ang pinag-usapan nila ni Katya, Cayetano Mangansawa ang totoong pangalan.

Eksaktong tanghalian nang dumating sila sa Varanasi, India. Dahil unang pagkakataon niyang makapunta sa ibang bansa, inaalalayan siya ng bagong kaibigan na wala na raw ginawa kundi ang gumala. May nobyo kasi itong Hapon na tumutustos sa lahat ng mga drama nito sa buhay kaya todolustay. Tinanong nga niya kung may kapatid o kamag-anak ang Hapon dahil naghahanap siya ng boyfriend na lumalangoy sa datung.

Bukas pa sila sasakay sa barko. Hinatid muna sila ng tour guide sa hotel na kanilang tutuluyan at halos maloka siya sa gara ng dating palasyong ni-convert ng isang business mogul sa isang hotel. May mga minaret ito sa gilid at may isang malaking doumo sa gitna na katulad sa *Taj Mahal*. At ang loob ay punong-puno ng mga palitadang ginto, velvet at antigong tiles. Ang Varanasi kasi ay isa sa mga pinakalumang

The Stolen Ring - Sefah Mil

siyudad sa mundo. Namayagpag na ito kasabay ng mga siyudad ng Babylon at Nineveh na nababasa sa Lumang Kasulatan ng Bibliya.

Magulo sa mga nakakaliyo at maliliit na eskinita na pinapagitnaan ng mga nagdidikitang shops, templo at palasyo! Idagdag pa ang masisigasig na mga Bombay sa kanilang mga sari at dhoti na abala sa paggawa ng mga negosyo sa daan. Kahit saang sulok yata ay may mga tindero na nagtitinda ng street foods na sa tingin pa lang ay saksakan na sa anghang ang mga tinitinda. Ang mga baka ay pagala-gala, at may nakita pa nga siyang camel na nakikipagsiksikan sa daan, at isang unggoy na nakalawit sa rebulto ni Lord Shiva. Dati ay nakikita lang niya ang mga ganito sa pelikula, ngayon ay nararanasan na niya, firsthand experience pa!

Pinagpahinga muna sila ng dalawang oras sa kanilang mga kuwarto at pinili ni Mayet na tumambay sa terasa para magmasid ng mga taong naliligo sa ghat, na malalaking hagdanan pababa sa ilog. Ugali ng mga Hindu na maligo sa ghats sa paniniwalang nililinis daw ng *Ilog Ganges* ang mga kasalanan ng tao. Engrande at malawak ang ghat sa harap ng kanilang hotel at maraming debotong Hindu ang nakatambay roon.

The Stolen Ring - Sefah Mil

Nang oras na para magliwaliw, una nilang pinuntahan ang templo ng *Durga Mandir* o *Monkey Temple*. Nagpakuha ng litrato ang dalaga kasama ang isang matandang Hindu na nakatayo sa entrada. Ikinuwento sa kanila ng tour guide na pinagawa ng isang sultan ang templo noong eighteenth century, at kaya raw tinatawag itong *Monkey Temple* ay dahil sa maraming unggoy na nanirahan doon. Nilibot nila ang courtyard kung saan doon lang puwedeng bumisita ang mga turista. Nakaramdam siya ng uhaw kaya niyaya niya ang kaibigan na bumili ng maiinom sa labas.

“Ang cute ng tsinito, ’noh?” sabi ni Katya habang tinitingnan nila ang pag-agos ng cranberry juice sa gintong banga. Huminto sila sa maliit na kiosk na nagtitinda ng mga aloo tikki.

Napangiwi siya. “Mukhang Mongoloid,” komento niya tungkol sa Tsinoys na kasama nila sa tour. Gusto rin niya ang mga nakikitang tsinito sa mga Asianovela, pero masagwa talaga ang hitsura ng tsinito na kinahuhumalingan ng bakla.

Nang natanggap na ang juice at aloo tikki, nagmadali silang bumalik sa takot na baka maiwan ng mga kasamahan. Sakto namang nakatayo siya sa harap ng pinto ng isang jewelry shop nang isang tao

ang lumabas at nabunggo siya. Naligo tuloy siya sa inuming bitbit.

“I’m sorry,” hinging paumanhin ng napakaguwapong Hindu na nakasuot ng coat and tie. Humingi uli ito ng paumanhin bago dali-daling sumakay sa itim na kotseng nakahintay sa tabingdaan.

Dahil sa gulat ay hindi kaagad nakapag-react si Mayet. Pero nang nahimasmasan ay napamura siya kaya napatingin tuloy sa gawi nila ang mga Bombay. Dahil nahihya sa mga taong nasa paligid si Katya sa inasal niya, kinaladkad na lang siya nito pabalik ng templo.

Pero dahil sa nagmantsa na ang cranberry juice sa harapang bahagi ng kanyang blusa, nagpaalam na lang siya sa grupo na babalik ng hotel. Mag-isa siyang lumakad pabalik at dahil pagod pa mula sa biyahe, natulog na lang siya at madilim na ang langit nang magising siya.

Kumatok sa kanyang silid ang tour guide nilang si Mela. Pinapababa na siya nito dahil manonood sila ng ritual dance para kay Lord Shiva sa ghat bago maghapunan sa restaurant sa loob ng hotel. Nagpalit muna siya ng pantalon at bughaw na blusang binili niya sa ukay-ukay bago lumabas ng kuwarto na

nasa ikatlong palapag. Saktong pababa siya sa hagdanan nang may makasalubong siyang tao at nagkabunguan sila.

Narinig niyang napamura ang lalaking nakabunggo niya. Nang mapatingin siya sa mukha nito ay muntik na niyang makalmot dahil ito rin ang bumunggo sa kanya kanina. Coat and tie pa rin ang suot nito pero mas maayos na ang buhok, mukhang nilagyan ng pomada. Tila hindi mapakali na may hinahanap ito sa hagdanan.

“My engagement ring!” anito, sabay tampal ng kanang kamay sa ulo.

“Buti nga,” sabi niya.

Napatigil ang lalaki at tumingin sa kanya nang mataimtim. “Filipina.”

“Oo, ang binangga mo kanina!” umpisa niya. “Hindi ka ba marunong tumingin sa dinadaan mo, Mister?” Mukhang nakakaintindi ito ng kanyang sinabi kaya napatitig siya rito. “Pinoy ka? Bakit ang tangos ng ilong mo?”

Hindi nito alam kung matutuwa o maimbyerna. “We need to find the ring.” Inisa-isa nito ang baitang ng

hagdanan na malaki ang pagitan ng mga balustre kaya malaki ang posibilidad na nahulog sa ilalim ang tinutukoy nitong singsing.

Tinulungan naman niya ang lalaki hanggang sa nakababa sila sa maliit na pocket garden at hinimay-himay ang mga halaman doon. Pag-angat niya ng dahon ng bromeliad, nakita niya roon ang antigong gintong singsing na may malaking bughaw na diamante. Napamulagat ang kanyang mga mata sa ganda niyon.

“Here it is!” sabi nito, sabay dampot ng singsing. Inilagay nito iyon sa breast pocket ng coat at lumabas ng hardin. “Salamat, ha,” dugtong nito bago dali-daling umalis.

Lumapit siya sa mga kasamahang nakaumpok sa bulwagan. Tumabi siya kay Katya na nakasuot ng sari nang papunta sila sa ghat kung saan maraming tao ang umaantabay sa pagsimula ng pagsayaw.

“Hindi ba ’yon ang nakabangga sa ’yo kanina?” anito, sabay turo sa isang grupo na nasa di-kalayuan sa kanila. Kumpara sa mga ordinaryong Bombay sa mga saris at dhotis ng mga ito, nakasuot ng coat and tie ang mga lalaki at ang gagara na tingnan. May isang matandang lalaki na nakasuot ng dhoti, pero parang sa hari ang presence nito sa puting buhok at salamin

The Stolen Ring - Sefah Mil

sa mata. Asawa siguro nito ang kasamang matandang babae na nakasuot ng lilang sari at maraming alahas sa katawan. Dalawa ang babae at apat ang lalaki. Ang isang babae ay Chinese ang hitsura, matangkad, napaka-slim sa suot nitong itim na tube gown at sa baywang nito ay nakapulupot ang kamay ng lalaking nakabunggo ni Mayet kanina. Hindi naman sobrang ganda, pero napakaismarte at napakaelegante kung gumalaw.

“Sila siguro ang mga Brahman caste. Di ba may caste-caste sila dito?” sabi ni Katya. “Kapag Brahman caste ka, nandoon ka sa pinakatuktok ng heirarchy.”

Napatangu-tango siya. “Parang sila ang royal blood.”

“Naku, ’Day! Dapat pala noong nagkabanggaan kayo, kinausap natin at hiningi ’yong number niya. Malay mo...”

“Kita mong may girlfriend. At naman, hindi nga ako binigyan ng kahit isang minutong titig lang.”

Siniko siya nito. “Ano ka ba? Never mo ngang maliitin ang sarili mo. Trust me! Ang mga foreigners na ’yan, hindi sila pumipili ng pinakamaganda o pinakamatalino, basta kung sino lang ang feel, doon sasama. ’Day, palakasan lang ’yan ng

loob. Nagkabungguan kayo kaya may koneksyon na. Hanap tayo ng pagkakataon na mabangga siya ulit.”

Tiningnan niya ang lalaki. Para talaga itong diyos habang nakikipag-usap sa mga kasamahan. Punong-puno ng kumpiyansa sa sarili at napakaganda ng tindig. Kumikinang ang buhok nito sa sinag ng bombilya sa malapitan at ang ngiti ay mala-demonyo. Iyong tipo ng lalaking ni sa hinagap niya ay hindi siya papatulan.

“Ikakasal na siya, Dong,” pagbibigay-alam niya.

“Eh, ano ngayon?” ismid ng bakla. “Ikakasal pa lang naman, p’wede pa siyang maagaw.”

Inirapan niya ito at muling pinagmasdan ang magnobyong na masayang nakikipag-usap sa mga kasamahan. Mukhang masaya naman ang mga ito, at tipong trophy wife ang babae.

Nag-umpisa na ang fire dance. Parang mga ahas na nagsayawan ang tatlong lalaking Hindu habang pinapalipad ang mga apoy sa hangin, at nakakabighani ang musikang bhangra na rinig na rinig sa buong ghat.

Pagkatapos ng pagtatanghal, sinabihan sila ni Mela na pumasok uli sa hotel. Habang papalakad doon, muling ibinalik ni Mayet ang mga mata sa

The Stolen Ring - Sefah Mil

grupong tinitingnan kanina. Sumakay ang mga ito sa napakahabang limousine. Napasingap na lang siya nang dumaan ang sasakyan sa kanyang harapan. Bakit kaya may mga tao sa mundo na nalulunod sa yaman?

2

Alas ocho pa lang ay nandoon na sila sa porte kung saan nakaangkla ang engrandeng *Jahanara Star* na kanilang sasakyan sa paglibot sa *Ilog Ganges*. May kalakihan ang barko sa British Colonial na disenyo, at halos lahat ng mga pasaherong umaakyat sa rampa nito ay mga banyagang puti o Koreano.

Pagpasok nila sa main deck, napanganga si Mayet sa gara ng bulwagan. Bukas ang itaas nito kaya kitang-kita ang dalawang palapag ng barko at tinapos ng kisame na punong-puno ng crystal na umiilaw. Sa gitna ay isang engrandeng hagdanan na gawa sa kahoy na walnut. Pati ang dingding ay walnut din at kinabitan ng mga gintong candelabra.

“Welcome aboard, Madamme,” sabi ng kayumangging steward na may sarat na ilong.

“Pinoy?” tanong niya, sabay tawa. Tumawa rin ang lalaki. Ipinakita niya rito ang number ng susi ng cabin at hinatid siya nito sa lower deck ng barko.

“Ilan ba kayong Pinoy na nagtatrabaho dito?” tanong niya habang binubuksan ang bagahe.

“Dalawa po at ang isa ay cook. Nandoon nga

The Stolen Ring - Sefah Mil

si Andoy sa itaas at may inaayos para sa isang marriage proposal mamaya. Manood tayo mamaya, Ma'am, dahil siguradong drama 'yon. Narinig kong mayaman daw ang lalaki, kaibigan ng may-ari ng barko. Exclusive siya pero ituturo ko sa 'yo ang lugar kung saan ka p'wedeng maupo at manood nang tahimik."

Tubong Bacolod ang steward na nagpakilalang 'Rolly' at marami silang pinagkuwentuhan bago siya nito niyaya naumakyat sa itaas para makilala si Andoy. May kalakasang hangin ang sumalubong sa kanya sa roof deck at kaagad na napagawi ang kanyang mga mata sa porte ng Varanasi na ngayon ay papaliit na sa kanyang tingin. Umaandar na ang barko at mami-miss niya ang napakagandang siyudad! Pero nalulula siya sa mga nadadaan nilang ibang ghats at templo na pumapalibot sa ilog. Napakaganda talaga ng Varanasi!

Ipinakilala siya ng bagong kaibigan kay Andoy na abala sa pagpaganda ng nag-iisang mesa sa gitna ng kanang bahagi ng roof deck. Ang marriage proposal din na mangyayari ngayong gabi ang bukambibig nito.

"Tyong singsing daw na ibibigay mamaya sa babae ay dating pagmamay-ari ng asawa ni Maharaja Ranjit

The Stolen Ring - Sefah Mil

Singh. Isang sikat na raja ‘yon mula sa Empiryo ng Sikh kaya siguradong napakamahal ng singsing. ‘Yong lalaki ay half Filipino at half Indian. Taga-Nueva Ecija ‘yong nanay’ tapos nakapangasawa ng napakayamang Hindu sa Calcutta. ‘Yong babae naman ay isang businesswoman galing Singapore! Nakita ko kanina at napakaelegante niya.”

Umakyat din si Katya sa roof deck at niyaya siyang gumala at maghanap ng guwapo. Nagpaalam siya sa dalawang lalaki at bumuntot sa bakla. Bumaba sila ng main deck at pumunta ng cafeteria para kumain ng marasala. At dahil may guwapong Briton sa dulo, ayaw nang umalis ng kaibigan. Ni-career na nito ang paglandi.

Paano ba siya dapat magpo-propose kay Vanessa? Nakaharap si Rafat sa salamin at sinasaulo ang litanyang tinuro sa kanya ng kaibigang si Deepak.

“Vanessa, let me be the person to give you headaches for the rest of your life. And if this rest of your life is only two years, then, I guarantee you a monthly allowance afterwards.”

Napangiti siya. Sa dinami-dami ng puwedeng tanungan kung ano ang sasabihin, lumapit pa siya sa

kaibigang newly-divorced lamang. Si Deepak ay isa sa mga stockholders ng shipping line na kinabibilangan ng *Jahanara Star* at ito nga rin ang nagbigay ng ideya na sa barko gagawin ang proposal. Dapat daw romantic at magandang ilagay ang singsing sa cake. Huwag lang daw iyon masubo nang tuluyan ni Vanessa.

Tiningnan niya ang singsing. Sigurado ba talaga siyang gusto na niyang magpakasal? Nagising na lang kasi siya minsan na nalungkot dahil wala siyang katabi sa kama. Ang mga pinsan niya sa Pilipinas, sa side ng kanyang ina, ay may mga anak na. Pati ang pinsan niya sa ama na nakatira sa Calcutta ay nabiyayaan din ng sanggol na babae nitong nakaraang buwan. Sa edad niyang treinta y dos, tingin niya ay panahon na para mag-asawa siya.

Tinawagan niya ang number ng management para papuntahin sa kanyang suite ang magdadala ng singsing sa kusina. Pagkatapos ng limang minuto, may kumatok na pahinante sa kanyang pinto at ito ang kanyang pinadalhan ng singsing at ilang instructions kung paano ihanda ang dessert.

Pagdating ng alas seis ay bumalik na sa kanilang kuwarto si Vanessa at magkasabay na silang nagbihis. Napakaeleganteng tingnan ng babae sa pulang

cocktail dress nito.

“Is there something special to happen tonight, Honey?” tanong ng Singaporean. Nakilala niya ito sa isang textile symposium sa Kuala Lumpur limang taon na ang nakakaraan. Katulad ng kanilang negosyo, nasa textile business din ng pamilya ng babae. Mas matanda ito sa kanya ng limang taon at nakakairita rin minsan na palagi nitong binubuksan ang topic ng pagpapakasal.

“You wait and see,” sagot niya. Siguradong matutuwa ito kung malaman nito mamaya ang mangyayari. Pinagbuksan niya ito ng pinto ng kanilang suite at inalalayan hanggang sa makaakyat sila sa kanang bahagi ng roof deck na sinarado sa lahat para makapaghapunan sila nang tahimik.

Maaliwalas ang gabi. Banayad ang ihip ng hangin at ang daming bituin na nagkukislapan sa langit. Natutop ni Vanessa ang dibdib nang nadatnan ang nag-iisang mesa sa napakalawak na roof deck at ang string quartet orchestra na tumutugtog ng *When I fall In Love* ni Nat King Cole.

“Oh, Rafat, this is sweet!” bulalas nito, sabay yapos sa kanya.

“It will be sweeter later,” sagot niya sa walang

emosyong boses. Iniabot niya ang kamay sa babae. “Dance with me?”

Nakangiting inabot nito ang kamay niya at mabagal na sumayaw sa saliw ng awitin. Nakatatlong awitin pa ang naitugtog ng munting orchestra bago natapos ihanda ng waiter ang mesa.

Crab and mushroom soup.

“Honey, there’s a newly opened store in Singapore named *Baby Tunes*. Cute, cute dresses! Cute, cute trolleys!” sabi ni Vanessa. Mukhang nahuhulaan na nito ang mangyayari pagkatapos kumain.

Alu Ki Tikki for appetizer.

“My friend Jenny is forty-one, but she’s still able to carry a child. Yeah, with the help of vitro-fertilization,” animated na kuwento nito.

Masala Dosa for main dish.

“We can give Vera Wang a visit for my wedding gown.” Hindi na maipinta ang galak na makikita sa hitsura ng nobya. Nangingilabutan na siya.

Blueberry Cheesecake for dessert.

“Honey, are you going to propose tonight?” prangkang tanong nito habang itinataas ang tinidor

ng pinakahuling subo ng cheesecake. Walang singsing na nadampot sa platito!

Bakit? Paano nangyari iyon?

Hindi alam ng binata kung ano ang uunahin sa kanyang panic—ang pagkadesperada ni Vanessa o ang nawawalang singsing. Hindi siya sumagot. Hindi siya gumalaw. Inubos lang niya ang iniinom na red wine. Natahimik din ang babae at matagal silang walang imikan.

“Is this a joke?” seryosong tanong nito.

Kibit-balikat ang kanyang sagot.

Tumayo ang babae, tinapon ang table napkin sa lamesa at taas-noong umalis sa kinauupuan.

Nagsindi ng sigarilyo si Rafat at sinenyasan ang waiter na lumapit at inutusan itong tawagin ang cook. Lumabas ang isang matabang Pilipino mula sa kusina. Tinanong niya rito kung nasaan ang singsing, at parang hihimatayin ito sa kabiglaanan sa narinig.

“Sir, nilagay po namin ‘yon sa dessert n’yo. Kasama ko ‘yong dalawa kong alalay na naglagay ng singsing sa loob ng cheesecake.” Gamunggong pawis ang tumulo mula sa noo nito.

Ipinatawag niya ang mga alalay nitong galing

The Stolen Ring - Sefah Mil

Indonesia. Unamin ng dalawa na nakita nga raw talaga ng mga ito na nilagay iyon ng kusinero sa loob ng cheesecake.

Ang Bombay na waiter ang sumunod na ipinatawag niya. Ito ang nagdala ng dessert nila ni Vanessa at ayon dito, kinuha raw nito ang panghimagas sa lamesa sa kusina pagkatapos nitong marinig ang ring.

Ipinatawag niya rin ang Malaysian ship captain at pinayagan siya nito sa kanyang pakiusap. Pinahalughog niya sa mga pahinante ang buong kusina, pati na rin ang mga kuwarto at gamit ng mga kusinero at waiters.

“May mga ibang tao pa bang nakapasok ng kusina, maliban sa inyo?” tanong niya sa mga kusinero.

Ikinuwento ng Indonesian na may tatlong Filipina raw na nandoon at nakikihalubilo sa kanila habang sila ay nagluluto. Nang malaman iyon ay ipinatawag niya ang mga ito at dumating ang batang tour guide na nagngangalang Mela, ang transvestite na si Katya at ang Pilipinang ikalawang beses niyang nabunggo na ‘Mayet’ pala ang pangalan.

Tinanong ang mga ito ni Kapitan Marlonga kung nakita nila ang singsing. Galit kaagad ang reaction

ng tatlo.

“Are you... are you accusing me of stealing the ring?” pagwawala ni Katya. “I need a lawyer.” Hindi na ito naghintay pa. Binuksan nito ang napakagarang cellphone at nagsalita ng Nippongo nang napakabilis. Wala silang naintindihan kundi ang tawag nito sa Hapon na ‘Popsicle’. Narindi si Rafat sa drama ng bakla.

Naeskandalo naman ang mukha ng maliit na tour guide. Mukha itong quince lang, at tulad ng bakla, tumawag ito sa may-ari ng travel agency na pinapasukan. Kinausap naman ng amo nito ang kapitan para sabihing sa limang taon na nagtrabaho sa kanila si Mela, ni minsan ay wala itong nadispalkong pera o nanakaw na ni munting ballpen sa kanilang opisina.

Ang huling babae, si Mayet, ay hindi napabunot ng cellphone. “Well, kakasangla lang ng 3320 ko at wala naman akong tatawagan para tumulong sa akin,” sabi nito sa Tagalog. “Kung sa tingin n’yo ako ang kumuha, halughugin n’yo gamit ko kung may makita kayo doon.”

Napatitig si Rafat sa babaeng dalawang beses nitong nabunggo. Hindi niya kasi ito natitigan dati kaya hindi sumagi sa kanya na may hitsura pala. Maliit

The Stolen Ring - Sefah Mil

ang mukha, maliit ang ilong, natural ang mapupulang labi, mala-pusa ang mga mata at hanggang balikang buhok. Mas matangkad kaysa pangkaraniwan at maganda ang hubog ng leeg at mga balikang.

Para masigurado na nagsasabi ng totoo ang mga ito, pinahalughog din nila ng kapitan ang mga gamit ng tatlo. Subalit bigo sila; hindi nakita ang singsing sa mga bagahe ng mga ito. Mahirap nang malaman kung sino talaga ang nagnakaw kaya isusuplong na lang nila ito bukas sa mga imbesiigador sa porte ng Gazipur.

3

Akalain ba naman niyang maging suspect sila sa pagnakaw ng singsing. Nakisiksik din si Mayet sa pagtingin sa bintana para matingnan ang porte ng Gazipur. Kung ang ibang mga turista ay bumaba ng barko para magalugad ang malaking bayan, silang tatlo—siya, Mela at Katya—ay naiwan sa loob ng opisina ng kapitan dahil hindi pa dumadating ang mga imbestigador. Bawal daw silang bumaba at baka ibaba nila ang singsing.

“Sus, imbyerna!” bulalas ni Mela. Pinalitan ito ng isang Bombay sa pag-guide sa mga turista nito.

Si Katya naman ay walang tigil sa pakikipag-usap sa wikang Hapon sa kausap nito sa cellphone. Natigil lang ito nang may isang Hindu na abogadong umakyat ng barko at hinanap si Cayetano Mangansawa a.k.a Katya Sanchez. Iba pala talaga ang nagagawa ng pera. Kahit saang sulok, nararating nito.

Nakaramdam ng pagkabagot si Mayet sa kauupo sa pulang ottoman kaya nagpaalam siya sa kapitan na lalabas na lang muna at babalik kapag dumating na ang mga imbestigador. Pumayag naman ito. Gumalagala siya sa main deck habang nakabuntot ang lalaki

sa di-kalayuan. Kung saan-saan siya nagpakuha ng litrato sa mga taong pinakikiusapan niya.

Kasalukuyang nasa modernong cafe na may umiilaw na bughaw na salamin si Mayet at nagpapakuha ng litrato. Tahimik naman siyang pinagmamasdan ng isang lalaki na naroon din sa lugar na iyon.

“Sir Deepak!” Pumasok si Kapitan Marlonga sa loob ng café at nagbigay ng ngiti sa Bombay na nakaupo sa gilid ng dalaga. Nasa labas lang kasi ito nang mapagsino ang lalaking nakaupo sa bar kaya nagpasyang lumapit. “How are you?”

“Good.” Tumingin sa kanya at katabi at kinuha ang kanyang kamay upang halikan ang likod niyon. “What’s your name, lovely lady?”

“Mayet,” sagot niya sa sosyalerang boses na naririnig niya sa telebisyon kapag may matikas na lalaki na gustong magpakilala. Kung hindi siya magkamali, nasa late thirties pa lang ito at hindi pa ganoon katanda. At guwapo!

“Hi, Captain!” bati ni Mayet sa kapitan.

“Oh, so you already met the ship captain?” ani Deepak. Tumango siya. “Yes.” At ikinuwento naman niya rito na kaya nakilala niya si Kapitan Marlonga

ay dahil isa siya sa mga naakusahan na nagnakaw ng singsing ni Rafat Gahir.

Napatawa ito. “Maybe the engagement is not meant to be.” Tumingin ito sa kapitan at nagtanong kung nasaan si Rafat. Sinabi nitong nasa gaming room ang lalaki.

“Excuse us, my lady.” Humalik muli si Deepak sa likod ng kanyang kamay bago umalis para sumama sa kapitan papunta ng gaming room.

Ikalawang balik na ni Rafat sa kanilang suite para mag-usap sila ni Vanessa, ngunit ayaw talaga siyang pagbuksan nito. Sa ikatlong beses na pagbalik niya roon, binuksan ng Singaporean ang pinto at itinapon sa kanya ang kanyang bagahe.

“Bitch,” sabi niya habang dinadampot ang isang maleta. Ang Vanessa na ito, malapit na sa cuarenta ang edad pero isip-bata pa rin. Hindi ito naniniwalang may pinalagay siyang singsing sa cake. Gumagawa lang daw siya ng istorya ngayon dahil desidido na ang babae na hiwalayan siya. What a brain! Nagpakuha na lang siya ng isang suite sa concierge para makalipat. Nakasakay na rin naman siya sa barko kaya sulitin na lang niya ang bakasyon.

The Stolen Ring - Sefah Mil

Bahala ang babae kung ano ang gusto nitong gawin sa buhay. Magsasaya sila ni Deepak.

“Sir, nandito na po ang mga imbestigador,” sabi ng pahinanteng si Rolly.

Pumunta siya sa opisina ng kapitan at doon hinarap ang mga pulis ng Gazipur. Ayon sa kuwento ng mga kusinero, iniwan ng mga ito ang cheesecake sa gitnang bahagi ng lamesa bago bumalik sa pagkukuwentuhan sa tatlong bisita sa loob. Nakalimutan daw ni Andoy na kaagad na i-ring ang waiter upang kunin iyon dahil masaya ang kuwento ni Katya tungkol sa naging boyfriend nitong Briton.

Kinunan ng fingerprints sample ang mga akusado at iniisa-isang halughugin ang mga kuwarto ng tatlo; kay Mayet ang pinakahuli nilang pinuntahan. Duda talaga si Rafat sa Pilipina. Parang hindi normal na, nang araw na iyon, ikalawang beses silang nagkabanggaan.

“Parang sinusundan mo ako nitong nagdaang araw,” sabi niya sa babae na ini-translate niya rin sa mga imbestigador.

Inirapan siya ni Mayet. “Ang yabang-yabang mo, ha! Ikaw ang nangbangga, hindi ako!” mahaderang sagot nito.

Tumahimik na lang siya.

Hinalungkat ng dalawang imbestigador ang bagahe ng dalaga, at nang nailabas ang maliit na dilaw na bag ay hinalbot nito iyon.

“Huwag ’to, ’no!” sabi nito, sabay yakap nang mahigpit sa bag.

“We need to see what’s inside it,” seryoso niyang sabi, sabay abot ng kamay.

Ayaw nitong ibigay iyon kaya sa inis, hinalbot niya ang bag at binuksan. At dahil nagulat siya sa nakakamatay na lacy pink t-back, nabitiwan niya ang bag. Napangiti ang dalawang imbestigador at nagkatinginan. Para matakpan ang hiya, muli niyang pinulot ang bag at ipinagpatuloy ang paghalungkat na parang sa walang malisya. May tatlong bra na kay laki ng mga paddings, may dilaw na bikini na may drawing na giraffe, may isa pang panty na may drawing ng leon, may tatlong stripes, may tatlong itim at may isang pulang gusgusin na may butas-butasp. Tumingin siya sa natahimik na babae. Pulang-pula ito sa hiya.

Dahil nakakailang na ang sitwasyon, tahimik na lang na ginalugad ng mga imbestigador ang natitirang bagahe at ang buong silid. Nang walang

nakita, nagpaalam sila.

Pero hindi natapos ang sakit ng ulo ni Rafat nang nakalabas sa kuwarto ni Mayet. Kinagabihan, nakita niya si Deepak sa gaming room kasama si Vanessa na tutok na tutok sa pakikinig sa sinasabi ng kaibigan. Wala sana itong malisya sa kanya hanggang sa tumawa ang babae at hinampas-hampas ang braso ni Deepak. Ang lalaki naman ay lumapit sa tainga ng kasintahan niya at nagbulong.

Selos siya, pero hindi niya ito ipapakita. Lumapit siya sa dalawa na parang walang nangyari. Si Vanessa, pagkatapos siyang makita, ay lalo pang naging mas sweet kay Deepak. Gusto niyang manuntok, pero ayaw niyang manalo sa laro ang nobya. Ipapakita niya rito na hindi siya naaapektuhan.

Si Deepak ay mukhang nababasa ang laman ng utak ni Vanessa, at kilala niya ang kaibigan. Lalo pa nga itong mang-aasar. Napapangiti itong ginagampanan ang gusto manyari ng babae.

Hindi maipinta ang hitsura ni Mayet dahil sa imbyerna. Maibalandra ba naman sa tatlong lalaki ang paborito niyang pulang panty! Lucky charm niya iyon kaya palagi niyang dala. Suot niya ang nasabing

underwear nang nanalo siya sa singing contest noong seventeen years old siya at suot din ng ikatlong beses na nanalo sa ending game. Malay niya kung anong suwerte ang maibigay niyon ngayon.

Ikinuwento niya kay Katya ang nangyari sa kanya nang hinalughog ng mga imbestigador ang kanyang mga gamit. Napatawa nang matindi ang bakla at halos maiyak na ito.

“Teka nga, ikaw ba ang kumuha ng singsing?” tanong nito nang medyo humupa na ang pagtawa nito.

“Hindi, ’no! Baka ikaw?” balik niya.

Umiiling ito. “Not me! Pero, Girl, gusto kong pasalamatan ’yong kumuha ng singsing kaya hindi natuloy ang proposal. Crush ko kaya si Rafat. Ang guwapo niya!” Kinikilig na uminom ito ng *Coke* mula sa lata.

Guwapo naman talaga ang half-Filipino, half-Indian na lalaki pero hindi niya mapatawad ang mga atraso nito sa kanya. Makakaganti rin siya!

Pagkatapos ng tanghalian, sila ni Katya ang pinakaunang pumunta sa main deck kaysa sa kanilang grupo. Excited sila dahil sa elephant ride na gagawin sa reservation ng mga tigre na malapit sa unang porte

The Stolen Ring - Sefah Mil

na kanilang dadaungan sa estado ng Bihar. Sasabay sana sila kina Mela na bababa ng barko nang tinawag sila ng pahinante at tinuro si Deepak na papababa sa engrandeng hagdanan, kasama si Rafat na mabigat ang mukha. Parehong nakasuot ng puting polo at shorts ang dalawang lalaki.

“Hi, lovely ladies!” sabi ni Deepak na may tabako sa bunganga. Sa hitsura nito, puwede itong gumanap na drug lord. Napakalakas ng personalidad nito at parang isang pitik lang, lahat ay magkukumahog na sundin ang gusto nito. “You can join our van.” Bingyan siya nito ng malaking ngiti.

“Sure, Dear!” ani Katya, sabay lapit sa lalaking may tabako. Ipinakilala nito ang sarili at binigyan ito ni Deepak ng halik sa kamay. Nang matapos ang masayang introduction, isang masamang tingin ay ipinukol nito kay Rafat at inirapan.

Ilang sandali pa’y naroon nasa sasakyan ang apat. Lalarga na sana ang van nang nakita ni Deepak si Vanessa. Ipinatawag nito ang babae at pinasakay rin sa van. Nang nakapasok doon si Vanessa, hindi man lang ito bumati sa nobyo. Dumerecho ito sa tabi ni Deepak.

Nagkatinginan sila ni Katya.

The Stolen Ring - Sefah Mil

“Malandi ang lola,” ang walang prenong salita ng bakla. “Pero alam mo, ’Day, feel ko lang talaga na ikaw ang type ng may-ari ng barko.”

“In fairness, guwapo siya. Di ko lang gusto ang pabango.” Huli na nang naalala niyang makakaintindi pala si Rafat ng Tagalog. Tumingin siya sa likuran at sakto ngang nakikinig ito at may pigil na ngiti sa mga labi.

“Di problema ’yan, ’Teh. Paliguan mo!” Sige pa rin sa pagdaldal ang Transvestite.

Siniko niya ito. “Gusto mo bang ipatapon tayo sa labas?”

Naalala rin ng bakla na makakaintindi pala si Rafat sa kanilang pinag-uusapan.

“Rafat, Baby, I love you!” Tumayo ito at hinaplos ang lalaking nakaupo sa kanilang likuran.

“Get lost, Cayetano!” supladong tugon ni Rafat.

“Chaka ka, Rafat! Ang baho ng name, eh.”

Napatawa si Deepak. “Katya, he’s homophobic.”

“Killjoy!” singhal ng bakla kay Rafat, sabay lipat ng atensyon sa guwapong driver. Tawanan silang lahat nang in-interview nito ang lalaki ukol sa sex

life nito. Si Vanessa lang yata ang hindi nagpalabas ng halakhak.

“Vanessa, why don’t you laugh with us?” yaya ni Katya.

Isang tipid na ngiti lang ang naging sagot ng Singaporean bago itinutok ang mga mata sa labas ng bintana para tingnan ang tanawin ng rural na India—ang mga babaeng nakasuot ng sari, ang maliliit na templo at ang mga pasulpot-sulpot na pamamahay.

“Ay, ingrata ang lola!” walang prenong bulalas ng bakla, sabay bigay ng masamang tingin sa Singaporean.

Sinenyasan niya ito na tumigil.

Eksakto alas dos ng hapon nang dumating sila sa isang maliit na opisina sa gitna ng kakahuyan. Sa gilid nito ay nagpapahinga ang maraming elepante. Pagkalabas sa van, takbuhan kaagad sila ni Katya sa mga elepante para mag-picture-taking.

Tig-isang elepante ang sinakyan ng limang magkakasama at may dalawang guide na sumama sa kanila. Kapit-tuko si Mayet sa paghawak sa renda sa takot na mahulog mula sa higanteng hayop.

Sinundan nila ang agos ng ilog, at nang pumaroon

The Stolen Ring - Sefah Mil

na sila sa bandang napakasukal na parte ng wildlife reservation kung saan matatayog at naglalakihang puno ang tumatakip sa langit ay may narinig silang ibang tunog. Nangilabot na siya dahil iyon na iyon. May nakita siyang nilalang na mabilis na lumukso mula sa isang kahoy na natumba patago sa isang kahoy.

“Royal Bengal tiger!” ani Rafat.

Napatili si Katya. “Takot ako sa pusa! Ayaw ko sa pusa!”

Napatawa sila sa naging reaksiyon ng bakla.

Bukod sa apat na tigre, marami pa silang nakitang uri ng big cats habang naglalakbay sa kagubatan—cheetah, gaur at leopard, pati na ang napakaraming uri ng ibon at ligaw na halaman. Dalawang oras din ang kanilang nilakbay hanggang narating ang mga napakatangkad na puno kung saan may mga treehouses na nakasabit.

Pagkaakyat sa isang maliit na kuwarto sa treehouse ay halos hindi makahinga si Mayet sa tumambad na kagandahan ng buong kagubatan. Mataas kasi ang lupa na kinatatayuan ng puno at napakatangkad pa nito kaya kitang-kita nila ang buong tanawin na nagbabadya sa pagdating ng paglubog ng araw. Ang

The Stolen Ring - Sefah Mil

sarap pa ng ihip ng hangin at nakakaaliw ang tunog ng mga iba't ibang hayop na nakatago sa mga puno at dahon. Pakiramdam niya nasa tuktok siya ng mundo....

Pero kaagad ding natapos ang kanyang pagnamnam sa napakagandang tanawin nang lumabas sa kabilang pinto si Vanessa. Tunitig ito sa kanya nang walang emosyon at sandali lang bago tinutok ang mga mata sa buong kagubatan. Nakadama siya ng insecurity sa elegante nitong pagkilos. Pumasok na lang siya sa loob ng kanyang kuwarto para ayusin ang damit na isusuot mamaya sa hapunan.

Walang kuryente ang treehouse kaya binigyan sila ng lantern sa bawat kuwarto. Ang isang treehouse ay may dalawang kuwarto. Umakyat siya sa kuwarto kanina sa tabi ng silid na inakyat ni Vanessa. Kung alam lang niya lang.... Si Katya naman ay nakihati kay Deepak sa silid na pinili nito. Hindi niya kung saan matutulog si Rafat.

Nang sumapit ang alas siete ay tinawag silang lahat ng tour guide upang maghapunan sa pinakagitnang treehouse. Halos mahulog naman ang puso ni Mayet nang tumawid sa hanging bridge na nagtatagpo sa limang treehouses. Kasunod niya si Vanessa na

tahimik na iniinda ang lula.

Pagdating sa pinakagitnang treehouse, nandoon na ang dalawang lalaki at si Katya at umiinom ng alak ang mga ito. Umupo si Vanessa sa tabi ni Deepak kaya napaupo siya sa gilid ni Rafat. Hindi niya maintindihan ang drama ng Singaporean. Mukhang pinapaselos nito ang nobyo.

Nagkuwentuhan sila tungkol sa mga negosyo. Nagreklamo si Deepak sa presyo ng langis at inilahad din nito ang pangamba na baka malugi ang negosyo nitong bakal sa Bengal dahil doon. Ikinuwento naman ni Rafat ang bago nitong investment sa isang IT company sa Thailand. Si Vanessa ay nagkuwento ng mga naging problema ng pamilya nito sa textile business ng mga ito, ang matinding kompetisyon sa mga suppliers galing China.

Si Katya, ngayon niya lang nalaman na may funeral parlor pala sa Pilipinas. Ayon dito, binuhay raw ng ama nito ang pamilya sa pagiging embalsamador. At mas naniniwala itong mas malaki ang kita ng punenarya kaysa beauty parlor. Pero nagagamit pa rin nito ang talento sa pagpapaganda ng tao dahil ito ang nagme-makeup sa mga patay.

Nang siya naman ang ulanin ng mga tanong, wala siyang hiya-hiya na nagkuwento sa mga ito

The Stolen Ring - Sefah Mil

na dating naging kahera siya sa isang katayan ng baboy. Pagkatapos na manalo sa Suerte Tres ng lotto, kumuha siya ng puwesto sa Baclaran para magtinda ng mga RTW clothes. Wala naman siyang nakitang pagmamata sa mga ito. Tutok na tutok nga ang lahat sa pakikinig.

“Got a boyfriend?” tanong ni Deepak.

Umiling siya at inilahad ang naging experience niya na medyo natrauma siya sa pakikipagrelasyon dahil nabuntis ng dati niyang kasintahan ang kanyang pinsan na si Joy.

“But you’re lovely,” sabi nito na kinatigil nina Rafat at Vanessa.

Naglaro pa sila ng baraha at uminom ng beer. Pagdating ng alas diez, nagpaalam na sila sa isa’t isa. Magkasabay sila ni Vanessa bumalik sa kanilang treehouse.

4

Napagod si Rafat sa biyahe pabalik ng barko kaya buong maghapon siya natulog. Nang kinagabihan, doon siya nagbabad sa gaming room kung saan lumalaro ng poker si Deepak kasama ang dalawang Hapones at ilang mga kaibigan nilang taga-Bihar. Umupo siya sa tabi nito at sinabi ditong malaki talaga ang hinala niya na si Mayet ang kumuha ng singsing.

“Oh, come on, Man. Give the girl a rest. She’s too cute to do that,” anito, sabay tapon ng baraha.

Hindi na siya umimik. Tutok na tutok siya sa laro nang dumating si Vanessa sa gaming room at umupo ito sa tabi ni Deepak. Ang masahol, naglandian pa ang dalawa sa kanyang harapan. Alam niyang nang-aalaska si Deepak habang si Vanessa ay gusto yatang ipakita sa kanya na kaya nitong mabuhay na wala siya. Bale-wala sa kanya ang drama ng mga ito, pero sana lang ay umarte ang mga ito nang ganyan kung sila-sila lang. Nakaupo rin sa mesa ang kanilang mga kakilala at nagsusuklian ang mga ito ng mga tingin. Napapahiya siya. Nang hindi na makaya ang buwisit na eksena, magalang siyang nagpaalam sa

lahat.

Pagdating sa kuwarto, ibinalik niya ang mga gamit sa loob ng kanyang bagahe. Bababa siya bukas ng barko at lilipad pabalik ng Calcutta. Bahala si Vanessa, at hindi siya muling sasama-sama pa sa gago. Natulog siyang ini-imagine na sinusuntok ang kaibigan.

Kinabukasan ay late na siya nagising. Matapos maligo at magbihis ay pinabuhat niya sa pahinante ang bagahe pababa ng porte na kanilang sunod na dadaungan. Pasakay siya ng taxi nang may tumawag sa kanya.

“Rafat! Sweetie!” Si Katya, parang kabayo na tumatakbo palapit sa kanya habang akay-akay si Mayet na mukhang nawawala sa mundo. “Saan ka pupunta, Sweetheart? Don’t tell me na lalarga ka palayo dahil nabubuwisit ka sa gurang mong girlfriend at kay best friend Deepak?”

Napailing siya at pumasok ng taxi. Pero bago niya naisara ang pinto, hinawakan ito nang maigi ng bakla. Nagsukatan sila ng lakas at hindi niya akalaing pangboksingero ang lakas ni Katya.

“Hoy, ano ka ba? Kung inaalaska ka, alaskahin mo rin para patas.” Pumasok ito sa taxi at tumabi

sa kanya. “I got an idea. Bakit di natin sundin ‘yong mga pangyayari sa mga pocketbooks o kaya sa mga movies na bihisan mo ang isang tao para maglarong gf mo. Tada!” Tinuro nito si Mayet. “Bihisan mo ang babaeng ito, siguradong bongga ang beauty niyan. And we all know na crush siya ni Deepak. Oh, di vah?”

“Gagang bakla!” sabi ni Mayet. “Ako pa ang gamitin n’yo.” Inismiran nito si Katya.

“Dearie, huwag mong hayaang sila lang ang mang-alaska!” patuloy na payo nito kay Rafat.

Natahimik siya sa ideya ng bading. Napaisip siya; bakit hindi? “Sure,” game niyang sabi.

Napatili ito sa tuwa. “Let’s go shopping!”

Pinabalik niya ang bagahe sa barko at sumama sa magkaibigan. Habang nakasakay sa taxi ay nag-uusap sila.

“Teka muna,” sabi ni Mayet. “Hindi ko gusto ang plano n’yo, ha! Huwag ako ang gagamitin n’yo na panlaban sa dalawa.”

“Bruha, tumahimik ka diyan at baka sabihin ko kay Rafat na crush mo siya.”

“Oy, wala akong sinabing ganyan!” tanggi nito. Pinandilatan nito si Katya.

“Sabi mo guwapo si Rafat at siya ang gusto mo, hindi si Deepak.”

“Gusto mo saksakin kita?” laban nito. “Ang sabi ko lang naman ay mas mabango si Rafat.”

Napangiti siya sa sinabi ng dalaga.

Napaismid naman si Mayet. “Hindi ako ang gaganap na girlfriend. Ang daming magagandang babae dito sa India, ang dami ngang beauty queen, eh, bakit di na lang sila ang tawagan mo, Rafat?”

“Day,” sagot ni Katya. “Di ba kapag sa labas tayo ng bansa, dapat ang mga Pilipino ay nagtutulungan. Kaya nga ako nandito para kay Rafat dahil kalahati ng dugo niya ay pareho ng sa dugo ko... At isa pa, lahat ng mga bibilhin niya ngayon ay sa ‘yo mapupunta. Kahit makuba ka pa sa kakatinda sa Baclaran, hindi mo ma-a-afford ang mga iyon. Chaka!”

Natahimik si Mayet sa narinig. Siguro sa pagiging Pilipino, o sa ano ang mapapasakanya.

Dinala ng binata ang magkaibigan sa mga hilera ng mga boutiques at hinayaan ang dalawa na pumili ng mga gamit ni Mayet. Atribida ang mga ito; gusto yatang bilhin ang lahat ng makikitang maganda, pero hinayaan lang niya. Parang masarap tingnan na ngumingiti si Mayet at gumaganda kapag makasuot

The Stolen Ring - Sefah Mil

ng damit na bagay rito. Binihisan ito ng isang baklang Bombay ng pulang damit na lalong nagpatingkad sa ganda ng mga balik at leeg nito, ngunit ayaw ni Mayet dahil nakikita ang hulma ng maliit nitong hinaharap pero nakatikim ito ng litanya mula kay Katya dahil napakarami ng insecurities.

Hindi na nito pinahubad sa dalaga ang mahabang sundress at shawl, at tinulungan niya ang dalawa sa pagbitbit ng anim na paperbags papunta sa taxi. Ang sunod nilang pinuntahan ay ang spa. Nagbigay ng instruction si Katya sa attendant sa kung anong treatment ang gagawin kay Mayet. Nang paglabas ng dalaga pagkatapos ng isang oras, ang kinis-kinis na nito. Ang huli nilang pinuntahan ay ang beauty parlor kung saan kinulot at nilagyan ng kaunting kulay ang hanggang balik na buhok nito.

At nang pabalik na sila sa barko, parang nahihiya na siyang tumitig kay Mayet na tahimik na tumitingin sa labas ng bintana ng taxi. Dalawa kasi silang nakaupo sa likod ng sasakyan at nasa harap ang Katya na nakatulog sa pagod. Napakalaki ang ipinagbago ng dalaga sa Mayet na nakasama nila kaninang umaga. Parang naging babaeng-babae na ito, mas naging vulnerable at kaakit-akit.

Inihatid niya sa kani-kanyang cabin ang dalawa

The Stolen Ring - Sefah Mil

nang makarating sila sa barko. Sinabihan niya si Mayet na iniimbitahan niya ito na maging date sa isang pagtitipon mamaya.

Nakatayo si Rafat malapit sa concierge habang hinihintay ang pagdating nina Mayet at Katya para sa kanilang date nang bumaba sina Deepak at Vanessa.

“Rafat, my friend,” sabi ng lalaki, sabay bigay sa kanya ng palakaibigang hampas sa braso. “Join us!”

“Ah... I’m waiting for Mayet,” sagot niya.

Natigilan ito habang nagpalabas ng isang hindi makapaniwalang ngiti si Vanessa.

“Good luck, Rafat,” anang kaibigan, sabay lakad palabas ng entrada ng barko.

Naghintay siya muli para sa pagdating ni Mayet. Ilang sandali pa’y namataan niyang bumababa sa hagdanan ang napakagandang dilag na suot ang gintong gown na mahaba ang manggas at malalim ang gupit ng dibdib. Pakiramdam niya ay hindi siya nakahinga. Napaka-striking ng Filipina ngayong gabi! Kasunod nito si Katya na malapad ang ngiti. Binilinan siya ng bakla na ingatan niya ang kaibigan nito. Hindi na raw ito sasama para hindi makaistorbo

sa kanila.

Inalalayan niya si Mayet palabas ng barko. Sumakay sila ng limousine na tinawagan niya kanina para ihatid sila sa palasyo ng pilantropong kaibigang si Varun Dakshi.

Pagdating nila sa lugar na pupuntahan ay punong-puno na ng mga sasakyan ang kalsada sa labas. Pinapasok sila ng guwardya nang pinakita niya rito ang imbitasyon.

“Rafat, nahihiya ako,” sabi ni Mayet habang nakahawak sa kanyang braso. Naramdaman niyang nanginginig ang mga daliri nito.

“Bakit?” tanong niya.

“Baka kasi may magawa ako mamaya na nakakatawa.”

Tiningnan niya ang babae. Bakas ang nerbiyos sa mukha nito.

“Alam mo bang napakaganda mo ngayon?”

Umiling ito.

“You are.” Magaan niyang hinaplos ang pisngi nito bago mabining inalalayan habang papalakad sila sa pathway na pinapagitnaan ng mga pulang ilaw.

“*Shubh Sundhyaa*,” bati sa kanila ng magandang gabi ng politikong nakasalubong.

Kinamusta niya ito at ipinakilala si Mayet. Nagbigay naman ang babae ng nahihiya ngunit charming na ngiti. Napansin niyang marunong pala itong mag-project.

Punong-puno ng tao ang bulwagan sa mga lalaking nakasuot ng matitikas na tuxedo at mga babaeng nagpapaligsahan sa kumikinang na gowns ng mga ito, pero hindi pa rin mahirap hanapin ang kaibigang si Varun dahil sa napakalakas nitong tawa at sa napakataba na katawan. Nakatayo ito sa gilid ng grand staircase na gawa sa gintong plata.

“Rafat! Rafat!” masigabong na sigaw sa tuwa ng bilyonaryo nang nagkita sila. Iniabot niya ang kamay rito para kamustahin at ipinakilala si Mayet. “*Sundar! Sundar!*” ulit nito na maganda ang kanyang kasama.

Ni-translate niya iyon sa babae kaya lalong lumapad ang ngiti nito.

Pagkatapos magkuwentuhan kay Varun tungkol sa presyo ng bakal sa merkado, hinanap na niya sa napakaraming tao sina Deepak at Vanessa. Nakita niya ang mga ito na nakaupo sa lounging chair at masayang nakikipaghalakhakan kasama ang tatlong

Bombay at ang ambassador ng Britanya.

“Gentlemen,” tawag niya sa mga ito habang akay-akay si Mayet.

“*Aap kaisey hain?*” sambulat ng Bombay na nagtatrabaho sa isang sangay ng gobyerno, ang Foreign Affairs. Iniabot nito ang kamay para mangamusta. Pati ang British Ambassador ay nakipagkamay rin kay Rafat.

“*Accha!*” sagot niya sa pangamusta ng mga ito.

“You got a beautiful lady!” sabi ng ambassador, ngiti kay Mayet.

“My girlfriend,” pakilala niya sa Filipina. Ninakawan niya ng tingin ang hitsura ni Vanessa, halos hindi ito ma-drawing sa sama. Tahimik naman si Deepak na tumitig kay Mayet. Kung hindi lang nang-alaska ang huli, at kung ang dalaga na lang ang nilandi nito, sana ay ito ang nasa posisyon niya ngayon. Kinidatan niya ang kaibigan. Bakit, ito lang ba ang marunong mang-alaska?

“So what are you doing in the Philippines?” tanong ng ambassador.

“She’s selling garments on the street.” Si Vanessa ang sumagot. Nginitian pa nito si Deepak. Pasalamat

ito at wala si Katya dahil makakatikim ang isang ito.

“Yes, I have my own stall in the Philippines where I... I sell garments,” sagot ni Mayet sa sinsero at kalmadong boses. Nagbigay ito ng ngiti sa lahat at mabagal na tinanguan si Vanessa. At hindi pa nakontento, umupo ito sa bakanteng upuan na parang laan sa reyna.

Napangiti ang binata. Kaya pala ni Mayet basta inisin lang ito... Pero parang natakot na siya nang nagkaroon ng ibang ningning ang mga mata nito. Siguradong trahedyang ito! At sa mala-eleganteng boses, nakaya nitong mag-Ingles nang derecho,

“Guys, don’t mind Vanessa, she’s just having menopause,” patuloy nito.

Natahimik ang lahat.

“Excuse me,” ani Vanessa, sabay tayo para iwan ang grupo.

“Excuse me,” sabi niya, sabay lapit kay Mayet at hinawakan ito sa siko saka iginiya ito palabas ng hardin. Doon malapit sa fountain na walang katao-tao, pinagsabihan niya ito. “Dapat hindi mo pinatulan. Pareho kayong nakakahiya.”

“Ayo naman ang taste mo sa babae, ’no! Gurang

na, atribida pa,” sagot nito.

“Oh, come on, don’t underestimate Vanessa’s age. Sa Singapore... ang mga babae doon ay masigasig sa kanilang mga careers kaya late na nag-aasawa. Ang mga Pinay, bata pa lang ay nagbubuntisan na... karamihan pa sa kanila ay walang pangarap sa buhay.”

Kumulo ang dugo nito sa narinig. “Hoy! Huwag mong maliitin ang mga Pinay at baka mabatukan kita d’yan!” Minabuti niyang tumahimik na lang. Kapag iinis pa niya ito siguradong black eye ang aabutin niya.

“D’yan ka nga at gagala ako. Ang ganda ng palasyo, eh,” sabi nito, sabay talikod upang iwan na siya. At iba si Mayet kapag galit—lumalakas ang loob. Rampa na ang lakad nito at nagtapon pa ng buhok sa hangin.

Nagsigarilyo muna sa labas ang binata. At nang nakabalik sa loob sa palasyo, nakita niyang nakatanga si Mayet sa isang malaking painting at kinakausap ng dalawang Hindu. Hindi na niya nilapitan dahil singhal ang aabutin niya rito. Sinundan niya lang ito ng tingin sa malayuan habang nakikipagkausap siya sa mga kaibigan. Ngayon lang niya napansin na maganda pala ang hulma ng likod at puwit

The Stolen Ring - Sefah Mil

ng babae. Kaya nitong maging charming kung gugustuhin lang nito. Ang kaninang dalawang lalaki ay naging apat na. Madadagdagan pa sana kung hindi niya ito inilayo sa grupo. Sinabi niyang uuwi na sila at hindi naman ito tumutol dahil masakit na raw ang mga paa nito dahil sa high heels.

Inalalayan niya ito pabalik sa sasakyan dahil medyo hindi na makalakad. Tahimik silang nagbiyahe pabalik sa barko at nalaman niyang nakatulog ito nang maramdaman niyang humilig ang ulo nito sa kanyang balikat. Inakbayan niya ang babae para maging komportable ito. At sa munting sinag ng mga poste na kanilang nadadaan, nakita niyang napapabuka ang bibig nito. Itinutok na lang niya ang mga mata sa labas ng bintana at baka mahalikan niya pa ang katabi.